PAGKILALA NG BIKTIMA
NGO, GRUPO BATAY SA PANANAMPALATAYA

## Ano ang Inyong Maaaring Gawin

1. **Alamin ang mga palatandaan**. Umorder ng aming mga *Indicator Card* (Kard ng mga Palatandaan) na magagaan at pang-pitakang mga kard sa 17 wika kung saan nakalista ang mga pangunahing senyales. Maaari ninyong ipamahagi ang mga kard na ito sa inyong lugar sa mga taong maaring makipaghalubilo sa mga biktima . Dagdagan ang kaalaman sa: www.dhs.gov / bluecampaign

2. **Isumbong ang mga tip sa pangangalakal ng tao**.

   **Upang maisumbong ang kahinahinalang aktibidad ng pangangalakal ng tao o makahingi ng tulong mula sa tagapagpatupad ng pederal na batas, tawagan ang 1-866-347-2423 o magsumite ng tip sa online sa www.ice.gov/tips**

   Maaaring magsuplong ng kahinahinalang kriminal na aktibidad ang mga indibidwal mula sa buong mundo sa Homeland Security Investigations'(HSI) Tipline sa loob ng 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, bawat araw ng taon. Ang Tipline ay maaaring maabot mula sa lahat ng bansa sa pamamagitan ng pagtawag sa 802-872-6199. Ang mga ekspertong espesyalista ay tumatanggap ng mga ulat mula sa publiko at sa mga ahensyang nagpapatupad ng batas kaugnay sa higit sa 400 na batas na ipinapatupad ng HSI, kabilang ang mga may kinalaman sa pangangalakal ng tao.

   **Tawagan ang National Human trafficking Resource Center (NHTRC) sa 1-888-373-7888 upang:**


   - Humingi ng tulong at makipag-ugnay sa isang tagapagbigay-serbisyo sa inyong lugar;
   - Magbigay ng impormasyon sa mga potensyal na aktibidad ng pangangalakal ng tao; o
   - Dagdagan ang nalalaman sa pamamagitan ng paghiling ng pagsasanay, tulong teknikal, o mapagkukunan.

   Ang NHTRC ay isang pambansa, walang bayad na *hotline* na tumatanggap ng mga tawag mula kahit saan sa bansa, 24 oras at pinapatakbo ng isang di-panggobyernong organisasyon.

3. **Turuan ang sarili at ang inyong komunidad**. Sagutin ang aming libre, *interactive* na online na pagsasanay upang matuto nang higit pa tungkol sa pangangalakal ng tao at iba pang palatandaan na dapat ninyong malaman at anyayahan ang ibang kakilala ninyo upang sagutin ang pagsasanay. Pumunta sa: www.dhs.gov/bluecampaign

4. **Ikalat ang balita!** Iparating sa mga kasamahan ang tungkol sa Blue Campaign, ang maraming programa na aming inaalok, at kung paano sa kapamilya, at sa sinumang interesado. Makukuha sa www.dhs.gov/bluecampaign

5. **Bisitahin ang website ng Blue Campaign**. Para sa karagdagang pagsasanay, mga materyales tungkol sa outreach, mga materyales tungkol sa pagtulong sa biktima, at impormasyon kung paano kayo makalalahok sa laban sa pagsugpo ng pangangalakal ng tao, pumunta sa: www.dhs.gov/bluecampaign. *"I-like"* kami sa *Facebook*: www.facebook.com/bluecampaign. O, makipag-ugnay sa amin sa: BlueCampaign@hq.dhs.gov.



# ANO ANG INYONG MAGAGAWA?

*Pagkilala ng mga biktima at pagsuplong ng pinaghihinalaang mga kaso ng pangangalakal ng tao*

BLUE CAMPAIGN
One Voice. One Mission. End Human Trafficking.™

# ANO ANG INYONG MAGAGAWA?

*Pagkikilala ng mga biktima at pagsuplong ng pinaghihinalaang mga kaso ng pangagalakal ng tao*

## Ang mga Biktima ay Maaaring Madaling Makita

Ang mga guro, nars, social worker, mga lider ng pananampalataya at mga organisasyong di-panggobyemo (NGO) ay mga miyembro ng komunidad at malamang na makatatagpo- at makakikilala at makatutulong – ng mga bikitima ng pangangalakal. Dapat ninyong mapag-alaman ang mga palatandaan at mga senyales ng pangangalakal ng tao. Ito ang unang hakbang tungo sa pagtukoy ng mga biktima at pagdala sa hustisya ng mga nangangalakal, na maaaring makatulong na panatilihing ligtas ang inyong komunidad.

## Ang mga Biktima ng Pangangalakal ay Nasa Ating Mga Komunidad

## Maaring sila ay nasa anumang edad, lahi, kasarian o nasyonalidad, kabilang ang mga mamamayan ng U.S.

Maaaring sila ay mayroon o walang legal na katayuang pang-imigrasyon. Ang mga biktima ay matatagpuan sa kapwa lehitimo at di-lehitimong sector ng mga manggagawa; ang ilan ay nabibighani ng mga huwad na mga pangako ng trabahong mataas ang kita, o kahit pag-ibig. Matatagpuan sila sa mga simbahan, paaralan, tahanan, otel, restoran, kinaroroonan ng mga konstruksyon, mga sakahan, istasyon ng bus at tren, paliparan, mga parke sa kapitbahayan, paradahan ng trak at mga pahingahan sa *highway;* o sa mga *massage parlor*, *bar* at *strip club*. Kadalasan, sila ay napipilitang gumawa ng mabibigat na trabahong pambahay, pangsakahan o pang-factory, o iba pang mga uri ng sapilitang paggawa, o pangkomersyal na pagtatalik (prostitusyon). Sa ilalim ng batas pederal, ang bawat menor de edad na sapilitang pinagagawa ng pangkomersyal na pagtatalik ay isang biktima ng pangangalakal ng tao.

## Paano Dumidiskarte ang mga Mangangalakal ng Tao

Nambibiktima ang mga mangangalakal ng mga taong kakaunti o walang masasandalan sa lipunan. Humahanap ang mga ito ng mga taong may kahinaan dahil sa iba't-ibang kadahilanan, kabilang ang kahirapang pinansiyal, karahasan sa tahanan, natural na kalamidad, o pampulitikang kawalang-tatag. Gumagamit ang mga mangagnalakal ng iba't-ibang mga diskarte upang mabitag at maalipin ang mga tao, kabilang hindi lamang ang karahasan o pagbabanta, pati na rin ang sikolohikal na pagpipigil. Ang traumang dulot nito ay maaaring napakatindi kung kaya marami ang hindi tumatarato sa sarili bilang biktima o kaya'y humingi ng tulong, kahit sa labis na pampublikong kapaligiran.

Dumidiskarte ang mga mangangalakal sa pamamagitan ng :

- Paggamit ng karahasan o pagbabanta sa indibidwal o mga miyembro ng kanyang pamilya;
- Pananakit o pagkakait sa tao ng mga pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain, tubig, o tulog;
- Pagbibigay ng huwad na pangako ng pag-ibig o pagsasama;
- Pagbibigay ng huwad na pangako ng isang magandang trabaho at tahanan;
- Paghahadlang sa pagdalo ng biktima sa mga serbisyong pangrelihiyon;
- Paghihigpit sa pakikipag-ugnay sa mga kaibigan o pamilya;
- Paglilimita sa kalayaan ng pagkilos;
- Pagkokontrol ng mga dokumentong pagkakakilanlan ng indibidwal;
- Pagbabanta ng deportasyon o pagpapatupad ng batas; at/o
- Pagbabawas ng sahod ng indibidwal upang bayaran ang mga diumano'y pagkakautang.

## Mga Palatandaan ng Pangangalakal ng Tao

Sa pamamagitan ng pagkilala ng mga biktima at pagbigay ng tip, ginagawa ninyo ang inyong bahagi upang makatulong sa tagapagpatupad ng batas upang mailigtas ang mga biktima, at maaari kayong makaligtas ang isang buhay. Maaari ninyong isangguni ang mga biktima sa mga serbisyo tulad ng pangangalagang medikal at pang-isip, ampunan, pagsasanay sa trabaho, at tulong legal upang maibalik ang kanilang kalayaan at dignidad. Ang inyong kaligtasan at ang kaligtasan ng biktima ay napakahalaga. Huwag kailanman tangkaing harapin nang direkta ang isang pinaghihinalaang mangangalakal ng tao o alertuhan ang biktima tungkol sa inyong mga hinala. Ang pagkakaroon o kawalan ng alinman sa mga senyales ay hindi palaging katibayan ng pangangalakal ng tao. Nasa tagapagpatupad ng batas upang siyasatin ang mga pinaghihinalaang kaso ng pangangalakal ng tao.

- Tila bang di-konektado ang indibidwal sa kanyang pamilya, mga kaibigan, mga organisasyong pangkomunidad, o lugar ng pagsamba?
- Huminto ba ang bata sa pagpasok sa paaralan?
- Nagkaroon ba ang indibidwal ng biglaan o dramatikong pagbabago sa pag-uugali?
- Nagsasagawa ba ang menor de edad ng komersyal na pagtatalik?
- Tuliro ba o nalilito ang indibidwal, o nagpapakita ng mga palatandaan ng pag-aabusong pisikal o mental?
- Mayroon bang mga pasa ang indibidwal na nasa iba't-ibang antas ng paggaling?
- Matakutin, mahiyain o sunud-sunuran ba ang indibidwal?
- Nagpapakita ba ng senyales ng pagkakait ng pagkain, tubig , pagtulog , o pangangalagang medikal ang indibidwal?
- Madalas bang may kasama ang indibidwal na isang tao na siyang kanyang tinatalima? O isang tao na tila siyang kumokontrol sa sitwasyon, halimbawa , kung saan sila pumupunta o kung sino ang kinakausap nila?
- Tila ba may nagtuturo sa indibidwal kung ano ang kanyang sasabihin?
- Nakatira ba ang indibidwal sa isang hindi angkop na kapaligiran?
- Kulang ba ang indibidwal ng pansariling ari-arian at tila bang di-matatag ang kanyang kalagayan?
- Mayroon bang kalayaan sa pagkilos ang indibidwal? Malaya bang nakalalabas ang indibidwal mula sa kanilang tirahan? Mayroon bang mga di-makatwirang hakbang sa seguridad?

BLUE CAMPAIGN
One Voice. One Mission. End Human Trafficking.™